

# Mga Bakuna sa COVID-19

## Ano ang Kailangang Malaman ng mga Tinedyer

### ANG MGA BAKUNA AY PUMOPROTEKTA SA INYO LABAN SA PAGKAKAROON NG NAPAKALUBHANG SAKIT MULA SA COVID.



- Marami sa mga kabataan na nagkaroon ng COVID-19 ay may **banayad o walang mga sintomas**. Ngunit ang ilan ay nagkakaroon ng napakalubhang sakit o nagkakaroon ng mga problema sa kalusugan na tumatagal ng napakatagal. (tinatawag na matagal na COVID).
- Ang bakuna sa COVID-19 ay nakakapagpababa ng panganib ng napakalubhang sakit mula sa COVID-19, na humahantong sa pagkakahospital, o pagkamatay. Pinabababa rin nito ang panganib na magkaroon ng matagal na  COVID.
- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay nabago na para pumrotekta laban sa pinakabagong mga uri ng virus, na nagbibigay ng pinakamabuting proteksyon.

### ANG LAHAT AY DAPAT NA KUMUHA NG BINAGONG BAKUNA SA COVID-19.

- **Kung nagkaroon ka na ng COVID o kung ikaw ay buntis o nagpapasuso**, ikaw ay dapat pa ring kumuha ng isang dosis ng binagong 2023-2024 na bakuna sa COVID.
- **Ang mga taong 12+** ay maaaring tumaggap ng binagong 2023-2024 na bakuna sa COVID-19 na Pfizer, Moderna o Novavax. Ang mga taong 12+ na nabakunahan na dati ng kahit anong bakuna sa covid at gustong makatanggap ng binagong bakuna na Novavax ay dapat makatanggap ng 1 dosis ng binagong bakuna na Novavax. Ang hindi pa nababakuna mga tao na 12+ na gustong makatanggap ng binagong bakuna na Novavax ay dapat makatanggap ng 2 dosis ng binagong bakuna na Novavax.



- Ang bakuna ay maaaring ibigay **sa parehong panahon** ng kasabay ng ibang mga bakuna tulad ng bakuna sa HPV.
- Para sa mas marami pang impormasyon, bisitahin ang cdc.gov/coronavirus/vaccine.

### PAANO MAKAKAKUHA NG BAKUNA

- Ang mga bakuna sa COVID ay makukuha sa maraming mga opisina ng doktor, klinika, paaralan, at parmasyutiko. Hanapin ang lugar na malapit sa iyo sa publichealth.lacounty.gov/vaccines/.
- Kung ikaw ay wala pang 18, magtanong tungkol sa pahintulot ng magulang/tagapag-alaga. Kung nasa pag-aalaga ka ng bahay-ampunan, ang tapangalaga ng iyong kalusugan o mga Kawani sa grupo ng tahanan (group home) ay maaaring magbigay ng pahintulot kung ikaw ay umaayon.
- Tumawag sa Sentro ng Tawagan ng Bakuna ng DPH sa **1-833-540-0473** o **2-1-1**

kung kailangan mo ng tulong na makahanap ng bakuna, transportasyon, o

pagpapabakuna sa bahay.



- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay sakop ng lahat ng mga plano ng seguro (insuranc mga taong walang seguro at kulang ang seguro, ang bakuna ay libre sa pamamagitan rogra ng Bakuna para sa mga Bata (Vaccine for Children Program) [edad < 19 na taong gulang] at ang Programa ng Tulay ng Akses (Bridge  Access Program) para sa mga nasa tamang gulang na.
- Hindi ka tatanungin tungkol sa katayuan mo sa imigrasyon.

COUNTY OF LOS ANGELES Public Health

10-13-23

# Mga Bakuna sa COVID-19

## Ano ang Kailangang Malaman ng mga Tinedyer

### NAPAKABIHIRA NG MGA MALUBHANG EPEKTO



- Ang pangkaraniwang mga epekto ay kirot, pamamaga at pamumula ng braso kung saan ka binakunahan, pagkahilo, pagkapagod, lagnat, giniginaw, pananakit ng ulo o kalamnan. Ang mga epektong ito ay dapat mawala sa ilang araw. Hindi lahat ay magkakaroon nito.
- Ang epekto ay palatandaan na ang iyong sistema ng imyunidad ay **bumubuo ng proteksyon**.





### ANG MGA BAKUNA SA COVID-19 AY LIGTAS AT EPEKTIBO

- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay sinuri at napag-alaman na ligtas at epektibo para sa mga tinedyer. Sila ay patuloy na masusing sinusubaybayan. Hanggang sa ngayon, **daang daang milyon ng tao** ay ligtas nang nakatanggap ng bakuna sa COVID-19.
- Ang napakalubhang reaksyon sa alerdyi (anaphylaxis) ay maaaring mangyari pagkatapos ng anumang bakuna, kabilang ang bakuna sa COVID-19 – ngunit ito ay **bibihira**.
- Ang ilang kakaunting bilang ng tao, lalo na ang mga lalaking may edad na 12 hanggang 39 na taong gulang ay nagkakaroon ng pamamaga ng puso (myocarditis at/o pericarditis) pagkatapos na mabakunahan ng bakuna sa COVID-19. Ang kondisyon ay bihira, at sa karamihan ng mga kaso ay banayad at tumutugon ng mabuti sa paggamot at pahinga. Ang panganib sa myocarditis o iba pang mga kondisyon sa puso ay mas mataas kung magkakaroon ka ng COVID-19. Ikaw **ay hindi magkakaroon ng COVID-19** mula sa bakuna sa COVID-19. Wala sa mga bakuna ang naglalaman ng virus na nagsasanhi ng COVID-19.
- Walang ebidensya na ang bakuna sa COVID-19 ay nakakaapekto sa pagdadalaga/pagbibinata o ang abilidad na kayo ay magkaanak.

Makipag-usap sa iyong doktor, magulang/tagapag-alaga, o iba pang pinagkakatiwalaang matatanda tungkol sa bakuna sa COVID-19. Magtanong sa kanila ng kahit anong mga katanungan na mayroon ka.

VaccinateLACounty.com

County of Los Angeles Public Health

Vaccine Facts Teens (Tagalog/Filipino) 10.13.23